



## Fact Sheet ukol sa Update sa Mga Istatistika ng Sakit sa Puso at Stroke sa 2025 Pandaigdigang Pasaning Dulot ng Karamdaman (Global Burden of Disease)

Ang Mga Update sa Mga Istatistika para sa 2024 at 2025 ay parehong naglalaman ng data ng pag-aaral ng Pandaigdigang Pasaning Dulot ng Karamdaman para sa 2021. Ang ilang pandaigdigang pagtatantya sa ibaba (mula sa Update sa Mga Istatistika sa 2025) ay nagpapakita ng medyo magkakaibang pagtatantya mula sa Update sa Mga Istatistika sa 2024 dahil sa mga pagpapahusay sa demography at pagtatantya ng populasyon, mga istatistikal at geospatial na paraan ng modeling, at ang pagdaragdag ng halos 3000 bagong pinagkunan ng data simula sa Update sa Mga Istatistika ng AHA sa 2024.

### Cardiovascular Disease (CVD)

- Noong 2021, tinatayang 19.41 milyong pagkamatay ang naiugnay sa CVD sa buong mundo. Ang age-adjusted na rate ng pagkamatay kada 100 000 populasyon ay 235.18. Ang pandaigdigang prevalence ng CVD ay 612.06 milyon. Ang age-adjusted na rate ng prevalence ay 7178.73 kada 100 000.
- Ang pinakamataas na rate ng bilang ng pagkamatay na maiugnay sa CVD noong 2021 ay sa central Asia at eastern Europe, at kinakitaan din ng matataas na antas ang Oceania, north Africa at Middle East, at central sub-Saharan Africa. Pinakamabababa ang rate para sa high-income Asia Pacific at Australasia.

### Coronary Heart Disease (CHD)

- Sa buong mundo, tinatayang noong 2021, 254.28 milyong tao ang nabubuhay nang may ischemic heart disease (IHD), at mas laganap ito sa mga lalaki kumpara sa mga babae (145.31 at 108.97 milyong tao ayon sa pagkakabanggit).
- Noong 2021, North Africa at Middle East ang may pinakamatataas na prevalence rate ng IHD sa mga rehiyon, na sinundan ng Eastern Europe at south at central Asia.
- Tinatayang 8.99 milyong kabuuang mga pagkamatay dahil sa IHD ang nangyari sa buong mundo noong 2021.
- Noong 2021, ang age-standardized na mga bilang ng pagkamatay dahil sa IHD sa buong mundo ay 108.73 kada 100 000. Pinakamatataas ang rate ng pagkamatay dahil sa IHD sa central Asia, eastern Europe, at north Africa at Middle East. Pinakamababa ang rate ng pagkamatay sa high-income Asia Pacific.

### Stroke

- Ang pandaigdigang prevalence ng stroke noong 2021 ay 93.82 milyong tao, kung saan 69.94 milyon ang ischemic stroke, 16.60 milyon ang intracerebral hemorrhage, at 7.85 milyon ang subarachnoid hemorrhage.

## Pandaigdigang Pasaning Dulot ng Karamdaman (Global Burden of Disease)-Fact Sheet ng Istatistika sa 2025

- Sa pangkalahatan, noong 2021, pinakamatataas ang age-standardized na prevalence rate ng stroke sa sub-Saharan Africa at east, southeast, at central Asia. Pinakamababa ang mga rate sa Australasia.
  - Ang age-standardized na prevalence ng ischemic stroke ay pinakamataas sa southern sub-Saharan Africa, na sinusundan ng western sub-Saharan Africa at east at central Asia.
  - Ang age-standardized na prevalence ng intracerebral hemorrhage ay pinakamataas sa western sub-Saharan Africa, southeast Asia, Oceania, at high-income Asia Pacific.
  - Ang age-standardized na prevalence ng subarachnoid hemorrhage ay pinakamataas sa high-income Asia Pacific at Andean Latin America.
- Noong 2021, 7.25 milyong pagkamatay ang maiuugnay sa stroke sa buong mundo. 3.59 milyong indibidwal sa kabuuan ang namatay dahil sa ischemic stroke, 3.31 milyong indibidwal ang namatay dahil sa intracerebral hemorrhage, at 0.35 milyong indibidwal ang namatay dahil sa subarachnoid hemorrhage.
- Noong 2021, pinakamataas ang age-standardized na pagkamatay na maiuugnay sa stroke sa Oceania at sa southeast Asia. Pinakamababa ang mga rate sa Australasia at western Europe.
  - Ang age-standardized na bilang ng pagkamatay na maiuugnay sa ischemic stroke ay pinakamataas sa eastern Europe, na sinusundan ng north Africa at Middle East at central Asia. Pinakamababa ang bilang ng pagkamatay sa Australasia.
  - Pinakamataas ang age-standardized na bilang ng pagkamatay dahil sa intracerebral hemorrhage sa Oceania, na sinusundan ng southeast at east Asia at central at eastern sub-Saharan Africa.
  - Pinakamataas ang age-standardized na bilang ng pagkamatay dahil sa subarachnoid hemorrhage sa Oceania, na sinusundan ng southeast Asia at Andean Latin America.

### **Mataas na Presyon ng Dugo**

- Batay sa 2021 na data, pinakamataas ang mga age-standardized na bilang ng pagkamatay na maiuugnay sa mataas na systolic blood pressure sa central Asia, na sinusundan ng eastern Europe, central sub-Saharan Africa, at north Africa at Middle East. Maiuugnay ang mataas na systolic blood pressure sa 10.85 milyong pagkamatay noong 2021.
- Mula 1990 hanggang 2015, ang dami ng pagkamatay na nauugnay sa systolic blood pressure  $\geq 140$  mm Hg ay hindi tumaas sa mga high-income na bansa (1.956 milyong pagkamatay mula 2.197 milyon) pero tumaas sa mga high-middle-income na bansa (2.176 milyong pagkamatay mula 1.288 milyon), middle-income na bansa (2.253 milyong pagkamatay mula 1.044 milyon), low-middle-income na bansa (1.151 milyong pagkamatay mula 0.512 milyon), at low-income na bansa (0.293 milyong pagkamatay mula 0.146 milyon).

### **Mataas na Cholesterol sa Dugo at Iba Pang Lipid**

- Noong 2021, mataas na low-density lipoprotein cholesterol ang dahilan ng 3.65 milyong pagkamatay sa buong mundo. Ang age-standardized na bilang ng pagkamatay sa buong mundo noong 2021 na maiuugnay sa high low-density lipoprotein cholesterol ay 43.67 kada 100 000.
- Noong 2021, ang mga age-standardized na rate ng bilang ng pagkamatay (kada 100 000) na maiuugnay sa mataas na low-density lipoprotein cholesterol ay pinakamataas sa eastern Europe, na sinusundan ng central Asia at north Africa at Middle East.

## Pandaigdigang Pasaning Dulot ng Karamdaman (Global Burden of Disease)-Fact Sheet ng Istatistika sa 2025

### Paninigarilyo

- Nagdulot ang tabako ng tinatayang 7.25 milyong pagkamatay sa buong mundo noong 2021 (5.68 milyong lalaki at 1.57 milyong babae).
  - Sa pagtataya sa pinakakamakailang pag-aaral sa Pandaigdigang Pasaning Dulot ng Karamdaman noong 2021, paninigarilyo ang pangalawang nangungunang panganib sa years of life lost dahil sa maagang pagkamatay (mataas na systolic blood pressure ang numero 1), at pang-apat ang paninigarilyo sa mga salik ng panganib para sa disability-adjusted life years sa buong mundo.
- Batay sa 2021 na data, east Asia at Oceania ang may pinakamatataas na rate ng bilang ng pagkamatay na maiuugnay sa tabako. Pinakamababa ang mga rate ng bilang ng pagkamatay sa Andean Latin America.

### Kawalan ng Pisikal na Aktibidad

- Pinakamatataas ang rate ng bilang ng pagkamatay na maiuugnay sa mababang pisikal na aktibidad sa mga rehiyon ng southern sub-Saharan Africa, north Africa at Middle East, at Oceania noong 2021. Pinakamabababa ang rate ng bilang ng pagkamatay sa high-income Asia Pacific at southern Latin America.
  - Naiugnay ang mababang pisikal na aktibidad sa tinatayang 0.66 milyong pagkamatay sa buong mundo noong 2021.

### Labis na Timbang at Obesity

- Batay sa 2021 na data, ang mga age-standardized na rate ng bilang ng pagkamatay na maiuugnay sa mataas na body mass index ay pinakamababa sa high-income Asia Pacific at pinakamataas sa southern sub-Saharan Africa, north Africa at Middle East, at Oceania.
- Maiuugnay ang mataas na body mass index sa 3.71 milyong pagkamatay sa buong mundo noong 2021.

### Diabetes

- Batay sa 2021 na data sa buong mundo, 525.65 milyong tao (270.84 milyong lalaki at 254.81 milyong babae) ang may diabetes. Ang age-standardized na prevalence ng diabetes ay 6123.59 kada 100 000.
- Ang age-standardized na prevalence ng diabetes noong 2021 sa mga rehiyon ay tinatayang pinakamataas sa Oceania, na sinusundan ng north Africa at Middle East, Caribbean, at high-income North America.
- Ang pandaigdigang age-standardized na rate ng bilang ng pagkamatay para sa mataas na fasting plasma glucose noong 2021 ay 63.73 kada 100 000. Ang mga age-standardized na rate ng bilang ng pagkamatay na maiuugnay sa mataas na fasting plasma glucose noong 2021 sa mga rehiyon ay pinakamataas sa Oceania, na sinusundan ng southern at central sub-Saharan Africa at north Africa at Middle East.
- Ang pandaigdigang age-standardized na rate ng bilang ng pagkamatay para sa diabetes noong 2021 ay 19.61 kada 100 000. Ang age-standardized na bilang ng pagkamatay na maiuugnay sa diabetes ay pinakamataas sa Oceania, na sinusundan ng southern sub-Saharan Africa. Pinakamabababa ang rate para sa high-income Asia Pacific.

## Pandaigdigang Pasaning Dulot ng Karamdaman (Global Burden of Disease)-Fact Sheet ng Istatistika sa 2025

Ang mga fact sheet, infographics, at mga kasalukuyan/dating paglalathala ng Update sa Istatistika ay mada-download mula sa:

[Heart and Stroke Association Statistics | American Heart Association](#) (Website sa Ingles).

Maraming istatistika sa fact sheet na ito ang galing sa mga hindi nailathalang tabulation na pinagsama-sama para sa dokumento ng Update sa Istatistika at maaaring banggitin gamit ang citation sa dokumento na nakalista sa ibaba. Nakalista sa buong dokumento ang mga pinagkunan ng data na ginamit para sa mga tabulation. Dagdag dito, nanggaling sa mga nailathalang pag-aaral ang ilang istatistika. Kung babanggitin mo ang alinman sa mga istatistika sa fact sheet na ito, pakibasa ang buong dokumento ng Mga Istatistika ng Sakit sa Puso at Stroke upang malaman ang mga pinagkunan ng data at orihinal na citation.

Hinihiling ng American Heart Association na banggitin ang buong dokumento na gaya ng sumusunod:

Martin SS, Aday AW, Allen NB, Almarzooq ZI, Anderson CAM, Arora P, Avery CL, Baker-Smith CM, Bansal N, Beaton AZ, Commodore-Mensah Y, Currie ME, Elkind MSV, Fan W, Generoso G, Gibbs BB, Heard DG, Hiremath S, Johansen MC, Kazi DS, Ko D, Leppert MH, Magnani JW, Michos ED, Mussolino ME, Parikh NI, Perman SM, Rezk-Hanna M, Roth GA, Shah NS, Springer MV, St-Onge M-P, Thacker EL, Uribut SM, Van Spall HGC, Voeks JH, Whelton SP, Wong ND, Wong SS, Yaffe K, Palaniappan LP; sa ngalan ng Komite sa Mga Istatistika at Komite sa Mga Istatistika ng Stroke ng Konseho sa Epidemiyolohiya at Pag-iwas ng American Heart Association. Mga istatistika ng sakit sa puso at stroke sa 2025: isang ulat mula sa American Heart Association tungkol sa data mula sa US at buong mundo. *Circulation*. Na-publish online noong Enero 27, 2025.

Pakidirekta ang lahat ng tanong sa media sa News Media Relations sa <http://newsroom.heart.org/newsmedia/contacts> (Website sa Ingles).